

Asya-Pasipiko

Mabilis na Survey sa Pagkaunawa sa COVID-19

Iminumungkahing Teksto para sa mga kalahok:

Nais maunawaan ng Red Cross at ng _____ kung ano na ang alam mo at gusto mo pang malaman tungkol sa COVID-19.

Tatagal ang survey na ito nang humigit-kumulang 20 minuto, at mayroon itong mga tanong tungkol sa kalusugan at pakikipag-ugnayan. Mapahuhusay namin ang paraan ng pagtugon namin sa COVID-19 sa tulong ng iyong mga sagot.

Salamat sa pakikibahagi.

Para sa survey online: Simulan ang survey kapag mayroon kang panahong sagutan ito nang hindi nagagambala. Isara ang iba pang program (hal., chat o email) para maiwasang maabala.

Higit pang impormasyon:

1. Anonymous ang survey na ito kaya hindi namin hihingin ang iyong pangalan o tirahan. Pagsasama-samahin namin ang lahat ng sagot na matatanggap namin mula sa iyo at sa marami pang ibang kalahok, at ligtas naming iso-store ang mga sagot na iyon. Maaari namin, o ng aming mga partner na organisasyon, na gamitin ang mga sagot sa hinaharap, ngunit walang makatutukoy sa iyong mga partikular na sagot.
2. Maaari kang tumigil sa pagsagot sa mga tanong anumang oras nang hindi nagbibigay ng dahilan.

Paano mo magagawang makipag-ugnayan sa amin

Responsible:

XXX

Sumasang-ayon ka bang sagutin ang ilang tanong?

Oo

Hindi (itigil ang survey)

Patnubay: Isama ang mga tanong na nasa ibaba sa lahat ng pagtatasa.

Nagsasaad ang Annex ng higit pang tanong na puwede mong isama, depende sa konteksto at pangalawang datos. Sumangguni sa kasamang patnubay na 'Paano magsagawa ng mga pagtatasa nang malayuan.'

Demograpiko

Blg.	Mga Tanong	Estruktura ng sagot
1.	Saan ka nakatira?	Lungsod Lalawigan

		Bayan
2.	Ano ang kinikilala mong kasarian?	Lalaki Babae Iba pa Mas pinipiling hindi sagutin
3.	Sa anong pangkat ng edad ka kabilang?	Wala pang 12 taong gulang 13–17 taong gulang 18–29 na taong gulang 30–39 na taong gulang 40–49 na taong gulang 50–59 na taong gulang 60–69 na taong gulang 70–79 na taong gulang Lampas 80 taong gulang
4.	Magbigay ng mga detalye ng iyong edukasyon	Wala pang 9 na taong edukasyon Mayroong hanggang 9 na taong edukasyon Mayroong kahit man lang 10 taong edukasyon (walang kwalipikasyong pumasok sa unibersidad) Mayroong kahit man lang 10 taong edukasyon (may kwalipikasyong pumasok sa unibersidad)
5.	Ano ang pangunahing wikang ginagamit mo sa bahay?	Drop-down na menu – Mga wika sa Asya-Pasipiko na may opsyong iba pa.
Kaalaman at Mga Kagawian		
6.	Nabalitaan mo na ba ang tungkol sa COVID-19? (Pumili ng isang sagot) Isama ang filter para ipakita ang Hindi o Hindi alam pagkatapos ng tanong	Oo Hindi Hindi alam

	<p>Ang COVID-19 ay isang sakit na dulot ng bagong uri ng coronavirus. Tumutukoy ang 'CO' sa corona, ang 'VI' sa virus, at ang 'D' sa disease o sakit. Ang dating tawag sa sakit na ito ay '2019 novel coronavirus' o '2019-nCoV.' Nauugnay ang virus na nagdudulot ng COVID-19, na isang bagong virus, sa pangkat ng mga virus na nagdudulot sa Severe Acute Respiratory Syndrome (SARS) at ilang uri ng karaniwang sison. Mayroong outbreak ng sakit sa respiratoryo na dulot ng novel coronavirus. Unang natuklasan ang virus na ito sa China noong 2019 at lumaganap na ito sa buong mundo mula noon. Mayroon nang libo-libong kumpirmadong kaso at marami nang namatay na may kaugnayan sa novel coronavirus, maging sa [ilagay ang bansa]. Mga Sanggunian: WHO, UNICEF, IFRC</p>	
7.	Gaano kapanganib ang COVID-19? (Pumili ng isa)	<p>Lubhang mapanganib</p> <p>Medyo mapanganib</p> <p>Hindi mapanganib</p> <p>Hindi alam</p>
8.	Paano lumalaganap ang COVID-19? (Pumili ng isa o higit pang sagot)	<p>Pagsasalin ng dugo</p> <p>Mga maliliit na patak (talsik) mula sa mga taong may impeksiyon</p> <p>Sa hangin</p> <p>Direktang pakikisalamuha sa mga tao / hayop na may impeksiyon</p> <p>Paghawak sa mga kontaminadong gamit o bagay</p> <p>Mga kagat ng lamok</p> <p>Pagkonsumo ng kontaminadong pagkain</p> <p>Pag-inom ng maruming tubig</p> <p>Hindi alam</p>
9.	Paano mo at ng iyong pamilya mapoprotektahan ang inyong mga sarili	<p>Regular na maghugas ng mga kamay gamit ang hand sanitizer na may 70% alcohol o sabon at tubig sa loob ng 20 segundo.</p>

<p>mula sa COVID-19? (Pumili ng isa o higit pang opsyon)</p> <p>Isama ang filter para ipakita pagkatapos ng tanong na ito.</p> <p>Mga bagay na puwede mong gawin para panatilihin ng ligtas ka at ang iyong pamilya mula sa COVID-19.</p> <p>a. Madalas na maghugas ng mga kamay</p> <p>Regular na linisin nang mabuti ang iyong mga kamay gamit ang hand sanitizer na may alcohol o hugasan ang mga ito gamit ang sabon at tubig.</p> <p>Bakit? Sa paghuhugas ng iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig o paggamit ng hand sanitizer na may alcohol, napapatay ang mga virus na maaaring nasa iyong mga kamay</p> <p>b. Pagpapanatili ng social distancing</p> <p>Magpapanatili ng kahit man lang 1 metro (3 talampakan) na distansya sa pagitan mo at ng kahit na sinong umuubo o bumabahing.</p> <p>Bakit? Kapag may umubo o bumahing, may maliliit na likidong tumatalsik mula sa kanyang ilong o bibig na maaaring may kasamang virus. Kung masyado kang malapit, maaari mong malanghap ang mga maliliit na patak (talsik), kasama ang virus na nagdudulot ng COVID-19 kung mayroon ng nabanggit na sakit ang taong umubo o bumahing.</p> <p>c. Iwasang hawakan ang mga mata, ilong, at bibig</p> <p>Bakit? Maraming hinahawakang bagay ang mga kamay at maaaring makakuha ng mga virus ang mga ito. Kapag nakontamina, maaaring mailipat ng mga kamay ang virus papunta sa iyong mga mata, ilong, o bibig.</p>	<p>Takpan ang iyong bibig kapag umuubo o bumabahing</p> <p>Iwasang lumapit sa kahit na sinong may lagnat at ubo</p> <p>Iwasang hawakan ang iyong mga mata, ilong, at bibig</p> <p>Lutuin nang mabuti ang karne at itlog</p> <p>Iwasang madikit nang walang proteksyon sa mga buhay na hayop at mga bagay na dinidikitan ng mga hayop</p> <p>Manatili sa loob (ng bahay)</p> <p>Sundin ang mga rekomendasyon ng mga awtoridad sa aking bansa para maiwasan ang paglaganap ng COVID-19</p> <p>Gumamit ng mga tradisyonal na halamang gamot</p> <p>Paggamit ng mask</p> <p>Hindi alam</p> <p>Iba pa</p>
--	--

Kapag nangyari iyon, puwedeng pumasok ang virus sa iyong katawan at magdulot ng sakit.

d. Sanayin ang magandang asal kapag umuubo o bumabahing

Siguraduhing sumusunod ka, at ang mga tao sa paligid mo, sa magandang asal kapag umuubo o bumabahing. Ibig sabihin, takpan ang iyong bibig at ilong gamit ang loob na bahagi ng iyong siko o gamit ang tisyu kapag umuubo o bumabahing ka. Itapon kaagad ang ginamit na tisyu pagkatapos.

Bakit? Kumakalat ang virus dahil sa mga talsik. Sa pagsunod sa magandang asal kapag umuubo o bumabahing, mapoprotektahan mo ang mga tao sa paligid mo mula sa mga virus na nagdudulot ng mga sakit gaya ng sipon, trangkaso, at COVID-19

e. Kung mayroon kang lagnat, ubo, at hirap sa paghinga, magpatingin o magpagamot kaagad

Manatili sa bahay kung hindi maganda ang iyong pakiramdam. Kung mayroon kang lagnat, ubo, at hirap sa paghinga, magpatingin o magpagamot at tumawag muna bago pumunta. Sundin ang mga direksyon ng iyong lokal na awtoridad sa kalusugan.

Bakit? Mga pambansa at lokal na awtoridad ang mayroong pinakabagong impormasyon tungkol sa sitwasyon sa iyong lugar. Kapag tumawag ka bago magpatingin, mabilis kang maididirekta ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa naaangkop na pasilidad na pangkalusugan. Makatutulong din ito na protektahan ka at pigilan ang pagkalat ng mga virus at iba pang impeksiyon.

f. Manatiling may alam at sundin ang payo ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan

Manatiling may alam tungkol sa mga pinakabagong pangyayari kaugnay ng COVID-19. Sundin ang payo ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, pambansa

	<p>at lokal na awtoridad sa kalusugan ng publiko, o iyong employer tungkol sa kung paano mo mapoprotektahan ang iyong sarili at ang iba mula sa COVID-19.</p> <p>Bakit? Mga pambansa at lokal na awtoridad ang mayroong pinakabagong impormasyon tungkol sa kung lumalaganap ang COVID-19 sa inyong lugar. Sila ang pinakamainam na mapagkukunan ng payo tungkol sa dapat gawin ng mga tao sa inyong lugar para maprotektahan ang inyong mga sarili.</p> <p>Mga Sanggunian: WHO, UNICEF, IFRC</p>	
10.	<p>Kadalasang nakakaramdam ng takot at pangamba sa panahon ng krisis. Maaari mo bang sabihin sa amin kung ano ang tatlong bagay na pinakainaalala mo kaugnay ng COVID-19 sa kasalukuyan?</p> <p>Para sa bawat data point, gamitin ang sukatan (hindi inaalala; bihirang alalahanin; madalas alalahanin).</p>	<p>mawalan ng mahal sa buhay</p> <p>bumigay ang sistemang pangkalusugan</p> <p>pagsasara ng mga paaralan</p> <p>tuluyang pagsasara ng maliliit na kumpanya</p> <p>paghina ng ekonomiya</p> <p>malimitahan ang kakayahang makakuha ng pagkain</p> <p>pag-aalsa ng masa</p> <p>ang magkasakit</p> <p>ang mawalan ng trabaho</p> <p>Iba pa: _____</p>
11.	<p>Sa tingin mo ba ay may partikular na grupo ng mga tao na responsable sa paglaganap ng COVID-19 sa inyong komunidad?</p>	<p>Oo</p> <p>Bahagya</p> <p>Hindi</p>
12.	<p>(Kung bahagya o oo ang sagot, dapat itong itanong sa survey)</p> <p>Aling grupo ang sa tingin mo ay responsable sa paglaganap ng COVID-19?</p>	<p>Maaaring sagutin ng kahit ano</p>
<p>Tiwala sa mga Sanggunian / Pinagkukunan ng Impormasyon</p>		

13.	<p>Anong uri ng impormasyon ang natanggap mo tungkol sa COVID-19? (Pumili ng isa o higit pang opsyon)</p>	<p>Paano mapoprotektahan ang iyong sarili mula sa COVID-19</p> <p>Ang mga sintomas ng COVID-19</p> <p>Paano kumakalat ang COVID-19</p> <p>Ano ang dapat gawin kung mayroon kang mga sintomas ng COVID-19</p> <p>Mga panganib at komplikasyon ng COVID-19</p> <p>Iba pa: _____</p>
14.	<p>Gaano kadalas mo ginagamit ang mga sumusunod na mapagkukunan ng impormasyon para manatiling may alam tungkol sa COVID-19?</p> <p>Para sa bawat data point, gamitin ang mga sukatang hindi kailanman; bihira; paminsan-minsan; madalas; palagi.</p>	<p>Telebisyon</p> <p>Mga inililimbag na diyaryo</p> <p>Pakikipag-usap sa mga kapamilya at kaibigan</p> <p>Mga website o mga balita na online</p> <p>Social media (hal., Facebook, Twitter, YouTube, WhatsApp, Line)</p> <p>Mga search engine (hal., Google)</p> <p>Mga istasyon ng radyo</p> <p>Mga manggagawang pangkalusugan sa komunidad</p> <p>Mga pinuno ng komunidad o relihiyon</p> <p>Mga tradisyonal na manggagamot</p> <p>Mga tradisyonal na komadrona</p> <p>Mga volunteer ng Red Cross/Red Crescent</p> <p>Kagawaran ng Kalusugan</p> <p>UNICEF</p> <p>WHO</p> <p>Iba pang sanggunian, kabilang ang: _____</p>
15.	<p>Gaano mo pinagkakatiwalaan ang mga sumusunod na mapagkukunan ng impormasyon sa kanilang pag-uulat tungkol sa COVID-19?</p> <p>Para sa bawat data point, gamitin ang mga sukatang napakaliit ng tiwala; medyo</p>	<p>Telebisyon</p> <p>Mga inililimbag na diyaryo</p> <p>Pakikipag-usap sa mga kapamilya at kaibigan</p> <p>Mga website o mga balita na online</p>

	<p>pinagkakatiwalaan; talagang pinagkakatiwalaan.</p>	<p>Social media (hal., Facebook, Twitter, YouTube, WhatsApp, Line)</p> <p>Mga search engine (hal., Google)</p> <p>Mga istasyon ng radyo</p> <p>Mga manggagawang pangkalusugan sa komunidad</p> <p>Mga pinuno ng komunidad o relihiyon</p> <p>Mga tradisyonal na manggagamot</p> <p>Mga tradisyonal na komadrona</p> <p>Mga volunteer ng Red Cross/Red Crescent</p> <p>Kagawaran ng Kalusugan</p> <p>UNICEF</p> <p>WHO</p> <p>Iba pang sanggunian, kabilang ang: _____</p>
<p>16.</p>	<p>Anong uri ng impormasyon ang kailangan mo ngayon? (Pumili ng isa o higit pang sagot)</p>	<p>Mga sintomas ng COVID-19</p> <p>Mga personal na kuwento ng iba tungkol sa pagharap nila sa hamon</p> <p>Impormasyon tungkol sa paggawa ng bagong bakuna laban sa COVID-19</p> <p>Impormasyon tungkol sa paggawa ng panggamot sa COVID-19</p> <p>Paano ko mapipigilan ang paglaganap ng sakit sa aking bansa</p> <p>Paano ko maaalagaan ang isang taong kabilang sa pangkat ng mga nanganganib</p> <p>Ano ang magagawa ko kung may mga sintomas ako o ang isang miyembro ng aking pamilya</p> <p>Paano ko pinakamainam na maaasikaso ang edukasyon sa paaralan ng aking mga anak</p>

		<p>Mga detalye tungkol sa mga paghihigpit sa pagbibiyaha</p> <p>[*] Oo</p> <p>[*] Hindi</p> <p>Iba pa, pakitukoy...</p>
17.	<p>Nahirapan ka ba sa pagtukoy kung tama ang impormasyon tungkol sa COVID-19? Halimbawa, impormasyon tungkol sa mga paraan para makaiwas o gumaling sa sakit.</p> <p>Kung oo, maaari mo ba kaming bigyan ng anumang halimbawa:</p>	[Maaaring sagutin ng kahit ano]
Paglahok / Pakikipag-ugnayan		
18.	Kung gusto naming tumugon sa iyong mga sagot at alalahanin tungkol sa COVID-19, paano kami maaaring makipag-ugnay sa iyo?	<p>Tawag sa telepono</p> <p>Text message</p> <p>Chat sa Facebook</p> <p>Grupo sa messenger app (Line, WhatsApp)</p> <p>Email</p> <p>Iba pa (tukuyin)</p>
19.	Mayroon ka bang anumang mungkahi para sa mas mainam na pakikipag-ugnay tungkol sa sakit?	Maaaring sagutin ng kahit ano
20.	Mayroon ka bang anumang mungkahi para sa mga aktibidad sa komunidad na maaaring makapigil sa paglaganap ng sakit o makakontra sa mga epekto nito?	Maaaring sagutin ng kahit ano
21.	<p>Mayroon bang anumang magagawa ang Red Cross o Red Crescent upang mapagbuti ang mga pamamaraan namin sa pagbigay ng impormasyon tungkol sa COVID-19?</p> <p>(Tanong na maaaring sagutin ng kahit ano)</p>	

22.	KATAPUSAN NG SURVEY	<p>Maraming salamat!</p> <p>Makakapagbigay kami sa lahat ng kapaki-pakinabang at napapanahong impormasyon tungkol sa COVID-19 sa tulong ng iyong mga sagot.</p> <p>Para makakuha ng impormasyon tungkol sa COVID-19, bumisita sa mga sumusunod na website:</p> <p>XXX Mga Pinagkakatiwalaang Sanggunian para sa iyo.</p> <p>Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa survey na ito, makipag-ugnay sa XX.</p> <p>I-click ang MAGPATULOY para isumite ang iyong mga sagot.</p>
-----	---------------------	--

ANNEX: Opsyonal na menu ng Mga Tanong

Demograpiko		
Blg.	MGA TANONG	MGA SAGOT
23.	Hanapbuhay ng kinakapanayam:	Nagtatrabaho nang may suweldo Self-employed Walang trabaho at naghahanap ng trabaho Walang trabaho ngunit hindi naghahanap ng trabaho sa kasalukuyan Maybahay Mag-aaral Militar Retirado Hindi nakakapasok
Kaalaman		
Blg.	MGA TANONG	MGA SAGOT
24.	Ano ang mga pangunahing sintomas ng COVID-19? (Pumili ng isa o higit pang opsyon)	Lagnat Ubo Hirap sa paghinga Pamamaga ng lalamunan Pananakit ng kalamnan Pananakit ng ulo Pagtatae Asymptomatic [walang nakikitaang sintomas] Iba pa: _____ Hindi alam
25.	Sa tingin mo ba, mas mataas ang posibilidad mo kaysa karaniwan na magkaroon ng COVID-19? (Pumili ng isang opsyon)	Oo Hindi Hindi alam

26.	Mahalaga ba para sa iyo na mapigilan ang paglaganap ng COVID-19 sa inyong komunidad? (Pumili ng isang opsyon)	<p>Oo</p> <p>Hindi</p> <p>Bahagya</p> <p>Hindi alam</p>
27.	Ano ang gagawin mo kung ikaw o ang isang miyembro ng iyong pamilya ay may mga sintomas ng COVID-19? (Pumili ng isa o higit pang opsyon)	<p>Magtanong sa mas bihasang kamag-anak kung ano ang dapat gawin</p> <p>Pumunta sa ospital o pagamutan</p> <p>Pumunta sa kapitbahay na nars</p> <p>Bumili ng mga gamot sa botika</p> <p>Pumunta sa tradisyonal na manggagamot</p> <p>Sumailalim sa quarantine</p> <p>Iba pa: _____</p>
28.	Ano ang kadalasang ginagawa mo kung mayroon kang pangkaraniwang trangkaso? (Pumili ng hanggang 2 opsyon)	<p>Wala. Nagpapatuloy lang ako sa normal na buhay at kusang nawawala ang trangkaso pagkalipas ng maikling panahon</p> <p>Nananatili ako sa bahay para hindi ako makahawa sa iba</p> <p>Nagsusuot ako ng mask</p> <p>Umiinom ako ng tsaa hanggang gumaling ako</p> <p>Humihingi ako ng payo sa aking mga kapitbahay</p> <p>Humihingi ako ng payo sa mga lokal na manggagamot</p> <p>Pumupunta ako sa sentrong pangkalusugan</p> <p>Iba pa: _____</p>
29.	Paano ka nakatanggap ng impormasyon tungkol sa trangkaso at iba pang mga sakit bago lumaganap ang COVID-19? (Pumili ng isa o higit pang opsyon)	<p>Telebisyon</p> <p>Mga inililimbag na diyaryo</p> <p>Pakikipag-usap sa mga kapamilya at kaibigan</p> <p>Mga website o mga balita na online</p> <p>Social media (hal., Facebook, Twitter, YouTube, WhatsApp, Line)</p> <p>Mga search engine (hal., Google)</p> <p>Mga istasyon ng radyo</p> <p>Mga manggagawang pangkalusugan sa komunidad</p> <p>Mga pinuno ng komunidad o relihiyon</p>

		<p>Mga tradisyonal na manggagamot</p> <p>Mga tradisyonal na komadrone</p> <p>Mga volunteer ng Red Cross/Red Crescent</p> <p>Kagawaran ng Kalusugan</p> <p>UNICEF</p> <p>WHO</p> <p>Iba pang sanggunian, kabilang ang: _____</p>
30.	Sa anong wika mo gustong makatanggap ng nakasulat na impormasyon?	Tanong na maaaring sagutin ng kahit ano
31.	Sa anong wika mo gustong makatanggap ng pasalitang impormasyon?	Tanong na maaaring sagutin ng kahit ano